1

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Learning Activity Sheet for Language

Quarter 1

Week 2

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Learning Activity Sheet for Language Grade 1**
**Quarter 1: Week 2**

This material is intended exclusively for the use of teachers in the implementation of the MATATAG K to 10 Curriculum. It aims to assist in delivering the curriculum content, standards, and lesson competencies.

The Intellectual Property Code of the Philippines states that “No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.”

Borrowed materials (e.g., texts, illustrations, musical notations, photos, and other copyrightable, patentable contents) included in this learning resource are owned by their respective copyright and intellectual property right holders. Where applicable, DepEd has sought permission from these owners specifically for the development and printing of this learning resource. As such, using these materials in any form other than agreed framework requires another permission and/or licensing.

No part of this material, including its original and borrowed contents, may be reproduced in any form without written permission from the Department of Education.

Every care has been taken to ensure the accuracy of the information provided in this material. For inquiries or feedback, please call the Office of the Director of the Bureau of Learning Resources via telephone numbers (02) 8634-1072 and 8631-6922 or send an email to blr.od@deped.gov.ph.

The Department of Education would like to extend its sincere appreciation and gratitude to the United States Agency for International Development and RTI International through its ABC+ Project and UNICEF for supporting and providing technical assistance in the development of the MATATAG learning resources.

Published by the Department of Education
Secretary: Sara Z. Duterte
Undersecretary: Gina O. Gonong

**Development Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Giovanni C. Duran and Ellen Grace F. Fruelda |
| **Illustrator:** | Eric de Guia, Mark D. Petran |
| **Layout Artist:** | Eljun A. Calimpusan |

**Management Team**

Bureau of Curriculum Development, Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**

| | |
|---|---|
| Office Address: | Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex<br>Meralco Avenue, Pasig City<br>Philippines 1600 |
| Telefax: | (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985 |
| Email Address: | blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph |

# LEARNING ACTIVITY SHEET 1
## Day 1







Tulay ng
PAG-ASA



## Day 2

### Si Katkat at ang Kaniyang Paboritong Laruan

nina Giovanni C. Duran at Ellen Grace F. Fruelda

Si Katkat, isang mahiyaing kuting na kahel, ay nakatira kasama si Aling Nena sa isang maliit na bahay malapit sa dalampasigan.



Sabado ng umaga nang napansin ni Katkat na nawawala ang kaniyang paboritong bolang may kampanilya. Nalungkot siya at nagtaka kung sino ang kumuha at saan ito napunta.





Nais mahanap ni Katkat ang kaniyang bola dahil ito ang nagbibigay-saya sa kaniya tuwing naglalaro siya.



Habang naghahanap siya sa likod ng bahay, napadpad si Katkat sa dulo ng hardin malapit sa puno ng mangga. Nakita ni Katkat ang isang puting kuting na naglalaro ng kaniyang bola. Nang makita siya ng puting kuting, agad nitong ibinalik ang bola sa kaniya. Nalaman ni Katkat na ang puting kuting ay bago sa bayan at naghahanap ng kaibigan.



Simula noon, naging magkaibigan sina Katkat at ang puting kuting. Natutuhan ni Katkat na hindi dapat mahiya sa bagong kakilala at masaya ang magkaroon ng bagong kaibigan.


HOSPITAL
EMERGENCY











# Day 3












# Day 4





**Ang Aming Bagong-Lipat na Kapitbhahay**

nina Giovanni C. Duran at Ellen Grace F. Fruelda



Tuwing hapon pagkatapos ng klase, laging dumudungaw sa bintana si Kevin. Pinagmamasdan niya ang bagong-lipat na batang naglalaro sa tapat ng kanilang bahay.



Isang araw, naglakas-loob siyang lumapit at nakipagkilala.

“Magandang hapon! Ako si Kevin,” bati niya, sabay abot ng kaniyang kamay.

“Ganoon din sa’yo! Ako naman si Gio,” tugon ng bata.
Habang nag-uusap, napansin nilang magkahawig sila – hindi nagkakalayo ang tangkad at hugis ng kanilang mukha. Halos magkapareho rin ang kanilang mata.



Dumating ang nanay ni Gio at ngumiti kay Kevin.
“Ikaw ba si Kevin, anak ni Teresa?” tanong niya.
“Ako si Tita Maricel mo, kapatid ng nanay mo.”
Nanlaki ang mga mata ni Kevin. “Kaano-ano ko po si Gio, Tita?”

“Pinsan mo siya,” sagot ni Maricel. “Kalilipat lang namin dito para makasama ang iyong Tito Rico.



Niyakap ni Kevin si Gio dahil tuwang-tuwa siya sa kaniyang natuklasan. Mula noon, araw-araw na silang magkasamang naglalaro tuwing hapon at naging matalik na magkaibigan ang magpinsang sina Kevin at Gio.